



Karagdagang mga pagsusuri, ano ang ibig sabihin nito?

Ikaw ay pinababalik para sa karagdagang mga X-ray ng suso. Karamihan sa mga kababaihang pinabalik para sa karagdagang mga pagsusuri ay mayroong normal na resulta (walang kanser sa suso).

Bakit ako pinababalik?

Karaniwan lang ang pabalikin para sa karagdagang mga X-ray ng suso. Kabilang sa mga karaniwang dahilan sa pagpapabalik ay:

Kapal

Ang mammogram ay isang X-ray ng tissue (himaymay) ng iyong suso. Ang hindi pantay-pantay na pagkalatag ng tissue ng suso ay maaaring magmukhang hindi normal. Ang karagdagang mga X-ray ay maaaring makatulong upang tukuyin ang makapal na bahagi bilang normal na tissue ng glandula.

Mga cyst (bukol)

Ang isang bilugang kakapalan na may malilinaw na mga gilid ay karaniwang isang cyst o hindi masama (hindi kanser) na bukol. Kung ang mga gilid ay hindi makikitang mabuti, maaaring mangailangan ng karagdagang mga pagsusuri.

Calcification

Ang mga batik-batik ng kalsiyum (calcification) ay nakikita sa mammogram ng maraming kababaihan at ang mga calcification na ito ay karaniwang normal. Gayunpaman, ang mga di-regular na umpukan ng calcification ay maaaring pinakamaagang palatandaan ng kanser at mangangailangan ng karagdagang mga pagsusuri.

Pagpepeklat

Ang nakaraang operasyon sa suso ay maaaring maging sanhi ng pagpepeklat. Ang tissue ng peklat ay mas nagpapahirap sa pagbasa ng mga X-ray at maaaring mangailangan ka ng karagdagang mga pagsusuri.

Mga pangmarka sa balat

Ang mga pangmarka sa balat na nakikita sa X-ray ay maaaring ilagay sa ibabaw ng mga bahaging may peklat, mga nunal o mga bahagi sa suso na may sintomas upang tulungan ang radiologist na pag-aralan ang mga X-ray.

Paano ko malalaman ang mga resulta ng karagdagang mga X-ray sa suso?

Tatawagan ka ng BreastScreen WA upang ipaalam sa iyo ang mga resulta ng iyong mammogram. Maaaring magrekomenda ng mga karagdagang pagsusuri at ang mga iyon ay ibabatay sa hitsura ng mammogram. Huwag mag-atubiling magtanong hangga't gusto mo, upang iyong maunawaan kung bakit ka ipinatawag na muli.

Kung kailangan mo ng mga karagdagang pagsusuri, ikaw ay aalukan ng appointment sa isang BreastScreen WA Breast Assessment Centre para sa karagdagang pagsusuri sa iyong suso. Ang serbisyong ito ay libre at ang mga kababaihan sa kanayunang lugar ay maaaring marapat para sa tulong mula sa Patient Assisted Travel Scheme (PATS). Mangyaring humiling sa iyong GP ng karagdagang impormasyon.

Nakaraang mga film

Mangyaring itabi ang lahat ng mga film na iyong tatanggapin mula sa nakaraang mga mammogram at pagsusuring ultrasound sa suso. Ang nakaraang mga film ay maaaring maging malaking tulong sa radiologist upang ipakita na ang posibleng bahagi ng alalahanin sa iyong kasalukuyang mammogram ay isang hindi masamang dati nang resulta na hindi dapat ikabahala.

Bakit maaaring kailanganin ang mga karagdagang pagsusuri?

Karamihan sa mga pagbabagong natuklasan ng mammogram ay napakaliit upang madama sa suso at mangangailangan ng espesyal na mga pagsusuri.

Diagnostic further view mammography

Kinapapalooban ito ng pagsasagawa ng karagdagang mammogram sa suso na tututok sa bahagi na may pangklinikang interes.

Breast Tomosynthesis / 3D mammography

Ang 3-dimensional mammography (tinatawag ding digital breast tomosynthesis) ay gumagamit ng espesyal na computer software upang lumikha ng larawang 3D ng suso gamit ang mga X-ray (mga mammogram) na kinuha sa ibat ibang anggulo. Ang istandard na mammogram ay lumilikha ng larawang two-dimensional (2D) ng suso.

Pangklinikang pagsusuri ng suso

Kung kakailanganin no ng pangklinikang pagsusuri matapos masuri ng radiologist ang iyong mga film; isang babaing doktor sa suso ang magsasagawa ng masusing pagsusuri ng iyong mga suso at makikipag-usap sa iyo tungkol sa iyong medikal na kasaysayan.

Ultrasound para sa suso

Ito ay isang pagsusuri na ginagamitan ng mga sound wave (hindi radyasyon) upang ipakita nang mas madetalye ang tissue ng suso. Ang suso ay papahiran ng gel at ang isang probe ay ididiin sa balat.

Image guided biopsy

Ang biopsy sa suso ay kung saan ang isang karayom ay itutusok sa loob ng suso upang kumuha ng sampol ng tissue mula sa bahaging may pangklinikang interes, upang ito ay masuri sa ilalim ng isang mikroskopyo.

Ang radiologist na nagsasagawa ng pamamaraang ito ay gumagamit ng ultrasound o igigiya ito ng X-ray upang tiyakin na ang karayom ay kumukuha ng tissue mula sa tamang lokasyon. Gagamit ng lokal na pampamanhid. Ang tissue ay susuriin ng isang pathologist at ang mga resulta ay karaniwang makukuha makalipas ang 24 na oras.

Pangmarkang klip

Kung minsan, matapos maisagawa ang isang X-ray guided biopsy, maaaring kailanganin na markahan ang bahagi ng biopsy ng isang maliit na pangmarkang klip na metal.

Lahat ba ng mga kanser ay matutuklasan ng mga pagsusuring ito?

Ang karamihan sa mga kanser sa suso ay madidiyagnos, ngunit w alang pagsusuri na magbibigay ng garantiya na matutuklasan ang lahat ng mga kanser. Mahalaga para sa lahat ng mga kababaihan na sundan ang anumang ginawang mga rekomendasyon.

Sa appointment para sa Pagtasa

Ang mga ito ay multidisciplinary na mga Specialist Centre kung saan ikaw ay tatanggap ng dalubhasang pagtasa at pamamahala ng aming pangkat ng mga radiologist, pathologist, nars, radiographer, doktor sa suso at siruhano.

Lahat ng mga appointment ay naka-iskedyul sa umaga. Maaaring kailanganin mong maglaan ng **hanggang 8 oras** para sa iyong kabuuang pagtasa. Mangyaring ipaalarm sa kawani ng klinika kung kailangan mo ng sertipikong medikal para sa iyong taga-empelo.

Mangyaring magbaon ng pera para sa pagparada ng sasakyan. O kaya, mangyaring tumelepono sa Transperth sa 13 62 13 para sa mga opsyon sa pampublikong transportasyon.

Mga Resulta sa iyong GP

Kung ikaw ay may hinirang na GP (at hinihimok ka namin na gawin ito), aabisuhan siya ng BreastScreen WA tungkol sa iyong appointment para sa karagdagang mga pagsusuri. Ang iyong GP ay aabisuhan din ng mga resulta ng ginawang pagtasa sa iyo.

BreastScreen WA

Telepono (08) 9323 6700 Fax (08) 9323 6799


Email breastscreenwa@health.wa.gov.au

Translating Interpreting Service (TIS) 13 14 50

Mga BreastScreen WA Assessment Centre


Royal Perth Hospital (RPH) Breast Assessment Clinic

Level 3, North Block. Wellington Street, Perth, 6000




Sir Charles Gairdner Hospital


G Block, 1st floor, Hospital Avenue, Nedlands.



1 Take Gold Lift to the 1st Floor



2 Walk to Breastscreen WA



Mga BreastScreen WA Assessment Centre

